# Safe sagutin ang 2010 Census form mo at mahalaga ito para sa iyong komunidad.

**Q: Bakit mahalaga ang 2010 Census?**

**A:** Bawat 10 taon, nakatakda sa U.S. Constitution na mabilang ang lahat ng tao sa United States anuman ang kanilang lahi, edad o visa status. Ang impormasyong ibabahagi mo sa 2010 Census ay gagamitin ng gobyerno para matukoy kung gaano kalaki ang nararapat na bahagi ng iyong komunidad sa higit $400 billion in federal funds bawat taon.

**Q: Anu-anong benepisyo ang matatanggap ng komunidad namin?**

**A:** Sa paglaan ng mga 10 minuto sa pagsagot sa sampung simpleng katanungan, makatutulong tayong dagdagan ang job training, mapabuti ang edukasyon at public services, at makapagpatupad ng karagdagang medical services, at iba pa.

**Q: Paano ko masisigurong safe ang impormasyon ko?**

**A:** Confidential ang lahat ng impormasyon mo at labag sa batas ang pagbahagi nito sa ibang government agency. Sa katunayan, hindi maaaring gamitin laban sa 'yo ang anumang bahagi ng impormasyon mo. Dagdag pa rito, hindi itinatanong sa 2010 Census form ang iyong visa status, relihiyon o ang inyong income.


**Q: Kasama rin ba ako sa pagbilang ng Census kung expired na ang visa ko o kung isa akong undocumented?**

**A:** Walang kinalaman ang citizenship o visa status sa pagbilang ng Census. Ayon sa batas, dapat mabilang ang lahat ng taong naninirahan sa U.S. habang isinasagawa ang 2010 Census.

**Q: Anong mangyayari kung hindi ko ibalik ang 2010 Census form ko?**

**A:** Kung hindi mo ibinalik via mail ang 2010 Census form mo, may dadalaw na friendly Census rep sa iyong tahanan para hingiin ang inyong impormasyon. May dalang official ID ang mga Census rep at sumumpa silang ililihim ang inyong impormasyon. Babalik-balik sila hanggang tuluyan kayong mabilang.



Para makakuha ng assistance guide sa Tagalog, please visit 2010census.gov

**PAKIBALIK ANG FILLED OUT CENSUS FORM VIA MAIL NGAYON.**

United States Census 2010

NASA ATING MGA KAMAY

D-3312 (T)